




Ni Elder
Jairo Mazzagardi
Ng Pitumpu

Mga Aral mula kay Inay



Noong lumalaki ako, tuwing magkakaroon ako ng pera, kinukuha ng nanay ko ang pina-kamalulutong na bills o perang papel—ang mga di-gaanong lukot o marumi—at ibinibigay ang mga ito sa pastor ng simbahan na dina-daluhan namin. Buong buhay niya itong ginawa. Sabi niya, “Sa Diyos ito.” Hindi ko na nalimutan ang mga salitang iyon simula noon. Nang mabinyagan ako sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw noong nasa hustong gulang na ako, hindi ako nahirapang magbayad ng ikapu dahil tinuruan na ako ng nanay ko na sundin ang batas na iyon.

Tinuruan din ako ng nanay ko na maging matapat, kahit mangahulugan ito ng paggawa ng mahihirap na bagay. Nagtanim ng lahat ng klase ng prutas at gulay ang kapitbahay namin. Kung minsan tumutubo ang prutas niya sa loob ng bakod namin. Minsa’y pumitas ako ng ilan sa prutas na ito at dinala ko iyon sa nanay ko. Tiningnan niya ako at sinabing, “Hindi atin ‘yan.”



Hindi ako makapaniwala. Sabi ko, “Ano po ang ibig ninyong sabihin? Nasa loob ito ng bakod natin!” Muli niyang sinabing, “Hindi atin ‘yan.” Pagkatapos ay hinawakan niya ang kamay ko, at naglakad kami papunta sa kapitbahay namin. Humingi kami ng tawad sa pagkuha ng prutas niya. Sabi ng nanay ko, kung may gusto kami, kailangan naming kunin iyon sa matapat na paraan.

Siguro hindi miyembro ng Simbahan ang mga magulang

TANUNGIN ANG ISANG MAGULANG!

Ano ang paborito ninyong bahagi ng pagiging magulang?

Ano ang pinakamahirap?

Ano ang nagpapasaya sa inyo?

Ano ang pinakamahalagang bagay na ginagawa ninyo araw-araw?

Paano kayo natutulungan ng ebanghelyo na maging mas mabuting magulang?

Ano ang huling bagay na ginagawa ninyo araw-araw?

Ano ang iba pang mga bagay na maitatanong ninyo?

Tulungan palagi ang inyong nanay o tatay sa buong maghapon! Isulat o idrowing sa inyong journal ang natutuhan ninyo. Pasalamatang ang inyong mga magulang sa lahat ng ginagawa nila.

ninyo, o hindi kayo palaging sang-ayon sa mga pasiya nila. Matututo pa kayo ng mga tunay na alituntunin mula sa kanila, tulad ng katapatan, responsibilidad, pag-asa sa sarili, at kasipagan. Ang mga alituntuning iyon ay magiging malalaking pagpapala sa buhay ninyo. ■